Iniinom na Gamot na Antiprotozoal

- **Paunang Salita**
- **Klase ng mga iniinom na gamot na antiprotozoal**
- **Karaniwang epekto at pag iingat sa iniinom na gamot na antiprotozoal**
- **Pangkalahatang payo sa pag inom ng gamot na antiprotozoal**
- **Pakikipag usap sa inyong Doktor**
- **Pag iimbak ng gamot na antiprotozoal**
- **Karagdagang impormasyon tungkol sa sakit na protozoal na may kaugnayan sa paglalakbay**

Paunang Salita

Ang gamot na antiprotozoal ay isang uri ng gamot na ginagamit upang lunasan ang impeksyong sanhi ng protozoa, na mga single cell organism na nabibilang sa klase ng parasites. Ang impeksyong Protozoal ay lumalabas sa buong mundo at malaking dahilan ng mga pagkasakit at pagkamatay sa ilang rehiyon tulad ng Africa at South - East Asia. Ang karaniwang uri ng impeksyong protozoal at nauugnay na sintomas ay ang mga:

1. Malaria- ito ay naipapasa sa pamamagitan ng kagat ng nakakahawang mga lamok sa mga tropikal at subtropikal na lugar ng mundo. Ang mga sintomas ay lagnat, panginginig, pagpapawis, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagsusuka at pagtatae. Ang pinaka seryosong maazring mangyari sa sakit ay mga kaguluhan sa pag iisip, kombulsyon at iba ibang sakit sa dugo at bato. Ito ay maaaring mauwi sa kamatayan minsan sa loob lamang ng 24 oras simula magka impeksyon.

2. Giardiasis- Ito ay isang impeksyon sa bituka, na madalas makita sa mga lugar na hindi maganda ang kalinisan at hindi ligtas na tubig. Ang impeksyon ay nangyayari kapag nakalunok ng kontaminadong tubig, at pagkain o sa pamamagitan ng pakikipag ugnay sa taong nahawahan. Ang pagtatae ang pinaka karaniwang sintomas ng giardiasis. Ang iba pang sintomas ay ang sakit ng tiyan, pamamaga, pagduduwal at kabag.

3. Trichomoniasis- Ito ay isang impeksyong protozoal na nakukuha sa pamamagitan ng pakikipag talik. Ang mga babae ay maaaring magkaroon ng pangangati at magkaroon ng lumalabas na madilaw at may amoy na likido sa kanilang ari. Ang

mga kalalakihan ay walang sintomas, bagaman minsan ay magkakaroon ng masakit na pag ihi at pagkakaron ng nana sa pag-ihi.

Klase ng mga iniinom na gamot na Antiprotozoal

Ang Karaniwang iniinom na gamot na antiprotozoal ay kadalasan inuuri sa dalawang pangunahing grupo: gamot laban sa malaria at samu't-saring panglaban sa protozoa. Bilang karagdagan sa paggamit ng mga panglaban sa protozoa, ang iba sa kanila tulad ng metronidazole at doxycycline ay ginagamit pang lunas sa impeksyon sa bakterya.

Ang ginagawa ng gamot na antiprotozoal kontra sa impeksyon ay komplikado at hindi madaling maunawaan. Ang iba sa kanila ay maaaring maka hadlang sa pagpaparami o makasira sa DNA ng protozoa upang mabawasan ang pagkalat ng impeksyon.

Karamihan sa iniinom na gamot na antiprotozoal ay inirereseta lamang at mabibili sa iba ibang anyo ng dosis tulad ng tableta at kapsula. Dapat lamang silang gamitin sa ilalim ng masusing patnubay ng isang propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

Mga Gamot laban sa Malaria

Kabilang sa mga gamot laban sa malaria ang mefloquine, chloroquine, proguanil na may atovaquone at doxycycline. Pinapatay nila o pinipigilan ang pagtubo ng protozoa sa iba't ibang yugto sa buhay ng parasitiko. Parehong itong ginagamit upang lunasan at maka -iwas sa malaria.

Upang makaiwas sa malaria, ang mapipiling gamot ay ayon sa lugar na inyong pupuntahan, ang peligro ay natutukoy ayon sa inyong pag-uugali tuwing naglalakbay at sa nakaraang kalagayan ng inyong kalusugan .

Sa paglunas sa malaria, ang uri ng gamot laban sa malaria at ang tagal ng paglunas ay naka depende sa uri ng malaria na mayroon ka, ang kalubhaan ng sintomas, lugar kung saan nakuha ang malaria at kung nakainom ng gamot laban sa malaria upang makaiwas. Kung nakainom ng gamot laban sa malaria para makaiwas, ang kaparehong gamot ay hindi dapat gamitin upang lunasan ang malaria. Kaya't mahalagang sabihin sa inyong doktor kung anong gamot laban sa malaria ang mga dating nainom. Gayundin, ay ang inyong doktor ay maaaring magbigay gamit ang kombinasyon ng iba't ibang gamot laban sa malaria upang madaig ang lahi ng malaria na lumalaban sa iisang uri ng gamot.

Sari-saring gamot laban sa protozoa

Kabilang sa mga karaniwang ginagamit na sari-saring gamot na antiprotozoa ay ang metronidazole, tinidazole at nifuratel. Ang metronidazole ang pinaka karaniwang lunas para sa trichomoniasis at giardiasis. Ang paraan ng paglunas ng impeksyon sa protozoa ay nananatiling hindi maintindihan, subalit kumikilos ito upang masira ang DNA ng protozoa.

Ang tinidazole ay kumikilos pati na ang metronidazole at may kaparehong dami ng epekto, ngunit maaari silang ibigay sa isang dosis. Kung saan, ang nifuratel ay maaaring gamitin bilang kapalit sa metronidazole o tinidazole sa paglunas ng trichomoniasis.

Karaniwang Epekto at Pang iingat sa iniinom na gamot na Antiprotozoal

Gamot laban sa protozoal	Karaniwang Epekto	Pag iingat
Gamot laban sa malaria		
Mefloquine	• Pagduduwal at pagsusuka • Impatso • Sakit sa tiyan • Pagtatae • Pagkahilo • Sakit ng ulo • Hindi pagkatulog at maliwanag na mga panaginip	• Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may epilepsy, mga atake, depresyon o iba pang problema ng kalusugan sa pag-iisip, malubhang problema sa puso o atay.
Chloroquine	• Gastrointestinal disturbances • Sakit ng ulo • Hypotension • Hypoglycaemia • Kombulsyon • Panlalabo ng paningin • Pamumuti o pagkalagas ng buhok • Pantal at pruritus	• Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may neurological disorders, myasthenia gravis (isang kundisyon kung saan napapagod at nanghihina ang kalamnan), glucose-6-phosphate dehydrogenase (G6PD, isang enzyme na tumutulong sa pulang cells ng dugo upang gumana ng normal) sakit, problema sa atay at bato.

Proguanil kasama ang atovaquone	• Pagduduwal at pagsusuka • Sakit sa tiyan • Pagtatae • Ubo • Sakit ng ulo • Pagkahilo • Hirap sa pagtulog at hindi normal na mga panaginip • Depresyon • Kawalang gana sa pagkain • Lagnat • Pantal	• Hindi dapat ibigay sa mga babaeng buntis o nagpapasuso • Hindi ipinapayo sa mga pasyenteng may malubhang sakit sa bato.
Doxycycline	• Pagduduwal at pagsusuka • Pagtatae • Hirap sa paglunok • Pangangati ng lalamunan • Dahilan ng paninilaw ng ngipin at pagkasira ng korte kapag ininom sa panahong tumutubo ang ngipin	• Hindi dapat ibigay sa mga babeng buntis o nagpapasuso at mga batang edad 12 pababa. • Hindi ipinapayo sa mga pasyenteng may sakit sa bato at atay. • Ang tableta at kapsula ay dapat lunukin ng buo na may kasamang maraming tubig at pagkain. Hindi dapat humiga ang mga pasyente ng mga kalahating oras pagkatapos inumin ito. • Iwasan inumin na may antacids, gatas, calcium o magnesium salts. • Bihira ngunit maaaring lumabas ang photosensitivity. Iwasan ang mahabang pagpapaaraw at gumamit ng angkop na sunscreen.

Sari-saring panglaban sa protozoals		
Metronidazole at tinidazole	• Pagduduwal at pagsusuka • Hindi kanais nais na lasang metal • Kulubot na dila • Oral mucositis • Kawalang gana sa pagkain	• Iwasan ang mga inuming alkohol • Gamitin na may pag-iingat sa mga pasyenteng may karamdaman sa dugo, sakit sa central nervous system at malalang sakit sa atay. • Hindi dapat ibigay sa mga babaeng buntis
Nifuratel	• Gastrointestinal disturbances • Pagkasira sa peripheral nervous system • Madali o sobrang pagpapasa at pagdurugo	• Hindi dapat ibigay sa mga pasyenteng may problema sa atay, neuropathies o kakulangan sa G6PD

Pangkalahatang Payo sa pag inom ng gamot laban sa protozoal

- Kumpletuhin ang rekomendadong kurso ng paglunas at inumin ang tamang dosis gaya ng itinagubilin.
- Upang malabanan ang malaria, ang pinakamabuting paraan at pangunahing layunin ay ang iwasang makagat ng lamok. Ipinapayong magpahinga sa kwartong may air-condition o may maayos na screen, gumamit ng ini-spray na pamatay insekto sa loob at gumamit ng mga kulambo sa pagtulog kung ang lugar ay hindi air-conditioned o walang screen. Habang nasa labas, pinapayuhang magsuot ng damit na may mahabang manggas at pantalon at mag pahid ng pantaboy sa insekto (hal. Mga produktong may sangkap na DEET) sa mga balat na hindi natatakpan ng damit.
- Kung kayo ay may giardiasis, kailangang palagiang maghugas ng mga kamay at iwasan ang maghiraman ng mga gamit sa pagkain o tuwalya upang makaiwas sa pagkalat ng impeksyon sa mga kabilang na miyembro ng tahanan.
- Ipinapayong huwag magkaroon ng pakikipagtalik habang kayo ay ginagamot sa trichomoniasis at umiinom ng gamot laban sa protozoa, dahil maaari kayong mahawang muli.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Kung kayo ay nagpaplanong maglakbay sa mga lugar kung saan ay may peligro ng malaria, palaging kumonsulta sa inyong doktor ng mas maaga upang mapag aralan ang inyong pangangailangan sa pag inom ng gamot laban sa malaria, kung saan sa ibang kaso ay kinakailangang uminom isang linggo bago ang paglalakbay.
- Kung kayo ay magkaroon ng mga sintomas tulad ng sa trangkaso o mataas na lagnat habang nakatira o pagkatapos ng paglalakbay sa isang rehiyon na may mataas na peligro sa malaria, kumonsulta kaagad sa inyong doktor.
- Ang gamot laban sa protozoa ay maaaring maugnay sa ibang gamot. Ipaalam sa inyong doktor ang mga gamot na inyong iniinom, kasali ang over-the-counter na gamot, upang makapag desisyon kung ang gamot laban sa protozoa ay ligtas para gamitin.
- Ipaalam sa doktor ang inyong medikal na kasaysayan, dahil ang ibang karamdaman ay maaaring mangailangan ng masusing pag iingat.
- Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay buntis o nagpapasuso dahil ang ibang gamot laban sa protozoa ay hindi dapat inumin ng mga babaeng buntis o nagpapasuso.
- Humingi agad ng payong medikal kung kayo ay makakaranas ng anumang sintomas o epektong pinaghihinalaang may kaugnayan sa gamot laban sa protozoa. Maaaring pag aralang muli ng inyong doktor ang uri ng gamot.
- Humingi agad ng payong medikal kung ang sintomas ay lumala o kung may mga pag aalala tungkol sa gamot na inyong iniinom.

Pagiimbak ng gamot laban sa protozoa

Ang gamot laban sa protozoa ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat iimbak sa refrigerator. Bukod pa rito, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa lugar na hindi maaabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakalunok nito.

Iba pang impormasyon tungkol sa sakit na protozoa na may kaugnayan sa paglalakbay

Maaaring sumangguni sa mga sumusunod na link para sa iba pang impormasyon

tungkol sa sakit na protozoa na may kaugnayan sa paglalakbay.: http://www.travelhealth.gov.hk/english/travel_related_diseases/travel_related_diseases.html

Pagkilala: Ang tanggapan ng Gamot ay gustong pasalamatan ang Propesyunal na Pag-unlad at Tiyak na Kalidad (PD&QA) at ang Serbisyo ng Kalusugan sa Paglalakbay para sa kanilang mahalagang ambag sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Disyembre 2020